

I Heto Na Naman

“So, bakit mo gustong mag-Public Ad?”

“Actually, hindi ko rin po alam. Sabi lang po kasi sa akin ng kaibigan ko, maganda daw.”

“Aba, bakit? Ano ba’ng nangyari sa ’yo?”

“Ayaw na po kasi nila akong i-re-admit sa Engg.”

“I know that feeling. Marami na ring pumunta dito na gusto sa Public Ad dahil wala silang choice.”

Totoo nga siguro ang sabi ng matatanda na sadyang mapagbiro ang buhay. Kahit ano’ng gawin mong pagpapalano at pagsusumikap na makontrol ang takbo nito, sadyang may mga pagkakataong gusto ka lang niyang paglaruan at tingnan kung ano’ng mangyayari sa iyo. Kung iisipin, marahil isa nga lang tayong laruan sa isang napakalaking kuwento na mas astig pa sa larong *The Sims*.

At least sa laro na iyon, mas madalas na pantasya ang nagagawa ng mga naglalaro—sa isang mundo na para bang walang problema at puwede mong gawin ang lahat ng gusto mo. Magandang lugar upang tumakas sa sakit ng ulo na ibinibigay sa atin ng buhay. Sa laro, nagagawa nating maisabuhay ang gusto natin para sa sarili—

mapaitsura man o kaya pangarap na trabaho. Ngunit sa bandang huli, malamang sa malamang, iiyak ka na lang sa harap ng computer dahil napakaliit ang tsansang ito ay matutupad.

Kung itatanong n'yo kung ano'ng sitwasyon ko ngayon sa laro ng buhay, isipin n'yo ang isang runner na nadapa, puno ng sugat at gasgas at halos di na makabangon pa. Pero kahit na ganoon, nagsusumikap pa rin siyang tumayo at humabol kahit na ang dami nang nakaalpas. Baka sakaling makahabol.

Sa totoo lang, hindi ko nga mawari kung bakit dito ko naisipang mag-shift. Hindi talaga ako sigurado sa kursong pinasukan ko. Kumbaga, out of the blue lang ang desisyon. Hindi naman ako nawala nang matagal sa university, pero parang naninibago ako sa lahat ng bagay. Bagong profs, bagong librong babasahin, bagong pagkain na kakainin kapag lunch, bagong mga kaibigan, bagong ruta pauwi.

Ah, basta. Ang mahalaga sa akin ngayon, gusto ko nang gumraduate, tapos magkatrabaho. At magkaroon ng bagong buhay.

“O, Public Ad! Sino'ng bababa?”

Muntik na akong mawala sa ulirat at makalagpas sa destinasyon kung di lang sa pagsigaw ng driver sa akin. Kung bakit kasi lutang ang utak ko sa mga di-inaasahang oras. Teka, anong oras na ba? Hindi pa naman ata ako late

pero hinihintay na nila sigura ako.

“Huy, Gab! Kanina ka pa namin hinihintay! Amin na ’yung bayad mo!”

Ay, oo nga pala, di ko pa pala nabigay ang ambag ko sa jeep. May pupuntahan nga pala kami kaya ako nandito, Lunes na Lunes. ’Yung itsura ko pa, naka-long sleeves at pantalon, daig pa ang executive o kung ano man, eh, pupunta lang naman kami d’on para mag-tour.

Hindi ko nga mawari kung bakit kailangan ko pang mag-ambag. Kung tutuusin pwede naman akong dumiretso sa pupuntahan namin dahil: (1) malapit lang sa bahay, at (2) ilang milyong beses na akong napadpad doon.

Weh, di nga?

“Hi, Gab!” bati ng mga babaeng dumaan sa akin nang matanaw nila ako sa bintana.

Nagtawanan naman ang mga kaklase ko.

“Kayo, ha! Bakit si Gab lang binabati n’yo?”

Hindi na lang ako nakapagsalita; natawa na lang ako nang kaunti. Ewan ko ba kung ano’ng meron sa akin. Hindi naman ako gan’on kaguwapo o kayaman pero sadyang natutuwa sila kapag nakikita nila ako.

Wala na lang akong nagawa kundi ngumiti habang nasa dulo ng jeep, naghihintay sa pag-andar nito. Habang usad-pagong ito palabas ng kalsada, napabuntong-hininga na lang ako, iniisip kung sigurado na ba talaga

ako sa daang sinusubukan kong tahakin.
Heto na naman tayo.

Ako ² si Gab

Dan Gabriel Ignacio. Twenty na ako actually. Kung ide-describe ko sarili ko: chinito, matangkad, di naman payat, di naman obese, di hunk, sakto lang. Aminadong mahiyain ako pero nagagawa ko rin namang maging loose kapag napapalapit na ako sa tao.

Nag-aaral ako sa isang state university na kilala sa dami ng mga sikat nitong Iskolar ng Bayan. Sabi nila, ang school namin ang pinakamagaling sa bansa. Madalas ngang biro, madali daw makapasok pero mahirap makalabas. Isa siguro ako sa ganoong mga kaso.

Computer Science ang una kong pinasukang course. Hindi ko nga alam kung bakit iyon ang pinagtripan kong ilagay sa application form dati. Sa totoo lang, wala talaga akong planong mag-aral dito. Di naman ako ganon katalino, sakto lang. Pero suwerte nga naman na nakapasok ako, sa main campus pa. Gaya ng ibang high school students noon, akala ko magiging isang joyride lang ang lahat. Nakaka-excite hanggang sa oras na makapasok ka na.

Okay naman ako sa mga subjects ko. Wala akong bagsak. Madami akong naging friends, naranasan kong

mag-party. Pero ang problema lang talaga siguro...

Ganito kasi: Naghiwalay ang nanay at tatay ko nung bata pa ako. Sabi sa batas, dapat daw sa nanay ako nakatira, kaya siya ang nag-alaga sa akin. Pero gaya ng inaasahan, nagkagusto din siya sa iba. Sabi nung lalaki, okay lang daw na kasama ako sa bubuuin nilang pamilya, pero naasiwa lang talaga ako sa gan'on. Kusa na lang akong lumipat sa bahay ng lola ko. Nakakagulat nang kaunti na di nila ako pinigilan.

Mabait si Lola. Siya na ang nag-aruga sa akin hanggang sa aking paglaki. Masaya naman nung high school kahit na wala ako sa pamilya ko. Minsan, nagpapadala si Mama ng pera. Private school pa nga ako nag-aaral noon. Hindi sila sumasagi sa isip ko kasi okay naman ang lahat para sa akin. Di ako nag-aalala.

Ngunit natigil bigla ang pagpapadala ng pera sa akin. Balita ko, umalis na ang dalawa at nag-abroad. Ni ha, ni ho wala silang sinabi sa akin o kahit man lang sa mga kamag-anak. Buti na lang nakakuha ako ng scholarship kaya nakaraos ako sa unang taon sa kolehiyo. Pero sadyang walang limit ang kamalasan.

Sinugod si Lola sa ospital dahil sa stroke. 'Yung naipon kong pera mula sa scholarship ay napunta lahat sa pagpapagamot niya. Bumuti naman kalagayan niya pero dahil sa sensitibo na ang kanyang kondisyon, kailangang tutukan ko ang pag-aalaga sa kanya.

Sa puntong iyon, naisip kong walang ibang mas dapat magsakripisyo maliban sa akin. Kinailangan ko bigla ng raket para matugunan ang mga gastos sa araw-araw. Kung sa pensyon lang ni Lola kami aasa para sa pagpapagamot sa kanya, paano na ang pagkain? Gastos sa bahay? Lalo na ang pag-aaral ko?

3

Ang Batasan

Kung unang beses mo pa lang makakabisita sa *Batasan*, magugulat ka sa laki at lawak ng lugar na ito. Mas nakakagulat siguro ang dami ng kotse, halos lahat sa mga ito congressman ang may-ari. At hindi lang 'yung mga pipitsugin lang—'yung iba, minsan mo lang makikita sa buhay mo.

Mga congressman lang ang nakakadaan doon sa front entrance na ipinapakita lagi sa TV. Ang mga bisita, gaya namin, ay sa backdoor pinapadaan. Gaya ngayon. Bigla kaming hinarang ng guard dahil akala niya... *aktibista raw kami?*

“Can't you see this? We have an appointment this afternoon!” Nagwala na ang prof ko sa higpit ng mga guards. May dahilan nga naman siya dahil matagal nang naka-schedule ang pagbisita namin. “Call your boss kung gusto n'yong mapahiya!”

Napahiya nga ang mga guards, kaya napilitan silang papasukin kami. Di mo sila masisi dahil mainit na naman ang usapin ng RH Bill sa committee hearings. Lalo pa at galing kami sa isang school ng mga tibak, di maiiwasang maghinala sila. Wala na lang kaming nagawa kundi

tawanan ang mga nangyari.

Maiinip ka talaga kapag unang beses mo pa lang dito. May dalawang *wings* kung saan nandoon lahat ng opisina, at sa gitna ang mismong session hall. Minsan nakakatuksong sumilip kung ano'ng ginagawa ng congressman mo habang padaan sa mga opisina nila. Napupunta kaya sa tama ang pera natin?

Papasok pa sa loob, may library at museum kung saan dinadala lahat ng bumibisita. Gaya ng inaasahan, may halong propaganda na feeling namin, nasa comedy bar kami. Pero nakakahanga naman talaga na makita 'yung original na kopya ng mga batas, mga gavel na ginamit ng dating House Speakers, o kahit mga larawan ng mga sikat na mambabatas. Puno sila ng kwento kung paanong ang demokrasya ay nabuhay, namatay, at nabuhay muli nang paulit-ulit sa pagdaan ng panahon.



Nakakaantok pala na umupo sa Session Hall. 'Yung nakikita mong lugar kung saan sila nagdedebate? Sa tunay na buhay, di naman gan'on katindi ang mga nagaganap sa Kongreso. Madalas, absent sila. O kaya nandoon nga, pagala-gala lang, nakikipagtsismisan habang may nagdedeliver ng privilege speech, dinaig pa ang isang klase sa high school. Kung makikita n'yo lang ang listahan ng mga walang kwentang batas na pinapasa nila, maiiyak na lang kayo sa pagsisisi.

Teka lang... naiihi na ata ako. P'unta lang akong CR.

“Gab!” Nagulat tuloy ako sa pagtapik ng isang nilalang sa akin. Siya lang pala. Matagal-tagal ko na rin pala siyang di nakikita.

“Oh, ’musta? Huwag mong sabihing may raket ka pa rin dito?”

“Gan’un talaga, sayang din ang pera, ano! Konting ipon na lang siguro para makabalik na rin ako sa school. Ikaw nga eh, suwerte, nakabalik ka na. Nice naman!”

Pakilala ko sa inyo si Vernon. Isa siya sa mga nakilala ko pagpasok sa unibersidad. Payat siya oo, naka-glasses, pero di ’yung tipong nerd na lolo ang itsura. Imagine n’yo na lang. ’Yung tipong nagpapaka-nerd para mas guwapo.

Malaki ang naitulong sa akin ni Vernon sa kung ano ako ngayon. Kung di dahil sa kanya, wala na sigurong college na tatanggap sa akin pagbalik. Mas malaki ko pang utang na loob na siya ang nagbigay sa raket nung walang-wala ako.

“Paano ’yan, Gab? Namimiss ka na daw nila. Lalo na si Boss.”

4

Bagong Raket

“Sigurado ka ba dito sa pinasukan natin?”

Ito na lang nasabi ko kay Vernon habang sabay kaming nakatayo sa harap ng isang spa kung saan kami magtatrabaho. Pasimula na ng gabi, at napadpad kami bigla sa isang sulok ng lungsod na kilala sa masigla nitong nightlife. Kapag nagawi ka dito, akala mo busy lang lahat ng tao na kumain, tumawa, makipag-date, uminom o pumarty, pero habang palalim na ang gabi, doon na lumalabas ang tinatago nitong mga sikreto.

“Pwede ka namang umayaw kung gusto mo. Tinutulungan lang naman kita,” pabiro niyang sagot sa akin, dahil alam niyang wala akong magagawa. Aminado ako, kinakabahan ako. Kung di lang sana gipit sa pera...

Pero ano ba'ng masama kung di mo susubukan, di ba?

“Okay lang 'yan...” Tinapik niya ako sa balikat. “Ganyan din ako nung umpisa, pero masasanay ka rin. Huwag kang mag-alala. Ako'ng bahala sa 'yo.”

Kahit paano natanggal ang kaba ko dahil sa mga sinabi niya.

Si Vernon na ang nagbukas ng pinto para sa akin. Pagpasok sa loob, akala mo normal na massage parlor

lang ang lahat. May receptionist, dekorasyon para may ambiance, kumpleto pa sa price list. Ano ang gusto mo: Traditional? Shiatsu? Thai? Hilot? Lahat siguro ng maisip mo, baka meron sila. Hindi na rin naman ako inosente sa gan'ong bagay.

Pero habang papasok pa sa loob, doon mo na mare-realize ang lahat. Isang kwartong salamin ang dingding na para bang kahawig ng tindahan ng lechon sa kanto. Pangit man ang comparison ko, parang gan'un na rin ang pakiramdam. Kung sa bagay, masarap kumain ng manok paminsan-minsan pero 'yung pakiramdam na... Ah, basta.

Sinalubong kami ng isang lalaki—medyo may edad na pero matipuno pa rin, alam mong adik sa gym at tambay ng mga men's beauty pageants.

“Oh hi, Papa Vernon! 'Kala ko di ka darating!” Boses pa lang niya, alam ko na kung ano siya, at kung ano'ng trip niya sa buhay. “Ang fresh mo ngayon ah, in fairness... Oh, wait...”

Sabay tutok ng tingin sa akin. Sa mata, sa mukha, pababa nang pababa sa aking katawan, na para bang naglalaway sa isang chocolate cake na kunwaring nasa harap niya. Awkward, pero kailangan kong masanay.

“Siya ba 'yung ikinukuwento mo sa akin? Pasok na ito sa jar!” aniya sabay halakhak na parang si Satanas na nagdiriwang ng nalalapit na katapusan ng mundo.

“Feslak pa lang, ulam na! Yay! Oh wait, ano ba’ng name ng papable na ito?”

“Gab.” Nagawa ko pa rin siyang sagutin nang may confidence. Samahan mo pa ng killer smile. Wala na. Taob na.

“Hi, Papa Gab! Sure kang magaling kang magmasahe ha!” Sabay tawa ulit. “Alam mo naman... Pero kung sabagay, iba naman pala habol ng mga customer natin. Nauntog ata ako, nakalimutan ko tuloy!”

“Baka kasi dahil gwapo ’tong kaibigan ko kaya nakalimutan mo!” sabat bigla ni Vernon sa usapan.

“Echoserá ka!”

Alam kong pinipilit lang niyang tanggalin ang kaba ko.

Iniiikot na ako ng manager sa loob—ang mga VIP rooms, mga sauna, mga showers... at ang mahiwagang kwartong magiging tambayan namin kapag walang customer. Maaga pa naman, may oras pa kami para maghanda. Ligo, ayos ng buhok, pabango, sabay suot ng ‘uniform’. Di nga? Kailangan pa naming maghanda sa trabahong ito?

Ang sagwa din palang makita ang pagkatao ng kaibigan mo, lalo pa sa sitwasyon na itong magiging magkatrabaho na kami. Gan’un din siguro siya sa akin. Pinipilit na lang naming patayin ang oras habang tinuturuan niya ako ng tamang diskarte, anupa’t dalawa lang kaming nakatoka

noong gabing iyon.

Mahaba nga ang gabi. Sobrang haba, di ko alam kung matatapos ko pa ito nang di nalalaspag ang katawan at utak ko.



Medyo matagal din bago nagkaroon ng customer. Malalaman mo naman iyon kapag tumunog na ang bell sa receptionist. Ibig sabihin, kailangan na naming umayos sa loob.

Sinamahan ng manager ang customer papunta sa tambayan namin. Oo, medyo nakakakaba pero pinipilit na lang naming maging chill kahit na wala kaming ideya sa nangyayari sa labas. Sinusubukan ko na lang basahin sa bibig kung ano man ang pinag-uusapan nila.

“Ay, parang lugi ka tonight, ah. Sila lang dalawa ngayon?”

“Ewan ko ba sa mga lokaret. But wait, look oh! May bago pala kaming papable!”

Sabay tingin sa akin ng lalaki mula sa salamin. Halata sa itsura nung lalaki na isa siyang yuppie. Baka naghahanap lang ng pangtanggap ng kanyang pagod. Parang di ata siya bagay sa hanap niya, ah? Hindi kaya mas lalo lang siyang maubusan ng lakas?

“Oh. He looks cute. Sure kang magaling iyan?”

“Sa masahe... o sa chorva?” ’Yung tawa nila, sa sobrang lakas, tagos na sa kwarto namin. Pati tuloy kami,

napatawa na rin.

Wala na rin sigurong nagawa ang customer kaya ako na lang ang itinuro niya. Hindi naman siya 'yung baklang sugar mommy (o daddy?) na kinakatakot ko. Bata naman, mga nasa mid-20s, mukhang professional, at sa totoo lang, straight. Mas lalaki pa sa mga katropa ko.

“Gab, ito pala first client natin for tonight. Say hi!”

“Hi, sir!” Mukhang na-offend ata siya.

“Ikaw naman! Parang magka-age lang ata tayo.”

Kung alam lang niya na menor de edad pa ako.

“Regular nating customer iyan kaya... naku, prove yourself. Or else tsugibells ka na bukas. Okay?”

Ngumiti na lang ako para ma-assure siyang makakayanan ko ito. Sana.

At sa pagpasok namin sa loob ng kwarto, kahit papaano alam ko na ang drill. “So... ano’ng gusto mong massage?”

“Kahit ano. Ikaw lang naman habol ko dito.” Kumindat siya sa akin.

At doon na nagsimula ang lahat. Siyempre di ko na ikukuwento; alam n’yo na rin naman siguro. Magagalit ang *MTRCB*.

Umaga na nang makauwi ako sa bahay. Para sa unang araw sa trabaho, okay na rin kung tutuusin. Buti na lang, arawan ang bayad at, seryoso, binigyan ako nung customer kagabi ng malaking tip.

Sa totoo lang, nakalimutan ko rin nung gabi na trabaho ang ginagawa ko. Ang naisip ko, nag-e-enjoy lang ako gaya ng mga kapilyuhang ginagawa ko nung high school. Wala ka namang magagawa. Pero kung hahanapan mo ng interesanteng bagay 'yung ginagawa mo, lalo pa't may kaibigan kang kasama, okay na rin. Gumagaan din pakiramdam at nawawala ang kaba.

“O, Gab... ginabi ka ata?” bati sa akin ni Lola habang nakahiga sa kama. Mabuti na lang nagkukusa ang mga pinsan kong tumambay sa bahay para alagaan siya. Bakit, damay din kaya sila sa kikitain ko!

“Eh, Lola, first day ko po sa call center.”

Call center agent? Baka. Tagasagot ng tawag ng laman siguro!

Natawa na lang ako sa sarili ko.



At sa sumunod na mga buwan, ganun na ang pinagkaabalahan ko sa buhay. Ang dami ko na ring nakilalang customers, mga katrabaho, kahit na 'yung mga negosyo sa tabi ng spa namin. Hindi ba nila nahahalata kung anong kababalaghan ang meron dito? Siyempre gaya ng lahat ng nasa paligid, alam nila ang sikreto. Kumikita sila doon eh, alangan namang magsumbungan sila?

Ang mas pinagtataka ko, bakit di man lang pinupuntahan ng mga pulis ang lugar na 'to? Aba'y asahan mo nang parokyano din sila ng mga GROs na

tine-take-out nila sa mga bar. Kung di ‘entertainment’ ang habol nila, *kotong*. Kaya kahit na bukas na libro sa mga kapitbahay ang mga nagaganap dito, parang wala lang. Sinuksok siguro nila ang pera sa mga tenga nila kaya sila nabingi at itinakip sa mata kaya sila nabulag sa katotohanan.

Pero kakaiba ang sitwasyon ng spa namin.

“Dude! Bakit may special plate tayo sa labas?”

Tinanong ko kung ano’ng meron sa kotseng nakaparada. May plakang ‘8’ ito kaya alam kong pulitiko siya. Ganun kasikat ang tambayan namin na kahit mga sikat na tao, napapadpad dito. Ewan ko na lang kung bakit di sila natsitsismis.

“Naku, galante iyan! Malay mo siya na maging sagot sa problema mo!”

Magdilang anghel ka sana, pare ko.

5 Si Boss

Hindi naman talaga mukhang sugar daddy si Boss. Siyempre, gaya ng inaasahan, medyo may-edad na, pero ayos pa rin ang katawan. Kung tutuusin, wala sa itsura niya 'yung taong pupunta sa mga lugar na ganito. Hindi kaya may problema lang siya sa pamilya niya? O sadyang late bloomer lang? Paano na kaya kapag nalaman ito ng pamilya niya? Sigurado naman ako na sa itsura niya, may asawa siya at anak.

“Boss, tapos na po ang masahe...” Dahan-dahan ko siyang tinapik. Nakatulog siguro sa pagod, o baka nasarapan lang. Kahit naman ako noon kapag nagpapamasahe ako, di ko namamalayang tulog na ako.

Ayaw ko siyang maistorbo, kaso...

“Ganun ba? Grabe, nakatulog pala ako,” reaksyon niya, papikit-pikit pa ang mata. “Hindi naman ako nakakatulog nang ganito! Hmm... magaling ka nga gaya ng sabi nila dito.”

Ngumiti ako at nagpasalamat. “Boss, gusto n’yo po ba ng... extra service?”

“Ano’ng pangalan mo?” Iyon talaga ang tinanong niya sa akin. Aba, mukhang wala siyang gana. Naku, huwag

“Ah... eh... Gab po.”

“Hmm... Gab...” Matagal din siyang napaisip. “Sigurado akong bata ka pa. Tama? Halata sa itsura mo, eh. Gaano katagal ka na ba dito?”

Tama nga naman siya. “Mga dalawang taon na rin po. Actually, ginagawa ko lang po ito para sa lola kong maysakit. Nag-aaral po ako dati pero kailangan ko pong magsakripisyo.”

“Ganun ba?” Lumapit siya sa akin; umupo sa tabi ko. “Hindi ka ba naaawa sa sarili mo? Na ganito trabaho mo?”

“Nasanay na rin po ako.” Aaminin ko, kinaawaan ko rin ang sarili ko sa puntong iyon. “Mahirap po siyang gawin, nakakababa ng pagkatao... pero di ko naiisip iyon. Di na lang ’yung sa kailangan ko ng pera. ’Yung marami kang nakikilala, at ’yung mga nalalaman mo sa kanila, minsan daig pa noon ’yung matututunan mo sa eskwela.”

Ang lalim ko.

“Sa lahat ng nakilala ko dito, ikaw lang ’yung ganyan.” Ngumiti siya pabalik. “Di ko alam pero... kahit na ganyan sitwasyon mo, nagagawa mo pa ring maging masaya sa buhay.”

Inulit ko ulit ang tanong: “Sir...”

Inabot niya sa akin ng isang calling card. Aanhin ko naman ito? Unti-unti kong binasa. Aba, sikat nga talaga siya’t di lang nakikisakay sa kotse na nakita ko kanina.

“Heto, tumawag ka sa opisina ko.”

At bakit naman niya ako papupuntahin sa opisina niya? Hindi kaya delikado ito? O baka gusto niya ng home service at naghahanap ng second round? Biro lang. Pero kung ganun man, lagot ako nito sa manager namin dahil di ko ipinaalam sa kanya.



Room 105, North Wing, House of Representatives. Ito na nga iyon. Pero imposible namang nandito siya. Alam ko, madalas naman silang wala dito eh. Hinga muna nang kaunti, sabay hawak sa doorknob para buksan ang pinto.

Mukhang normal ang lahat. Di naman siguro siya corrupt gaya ng mga madalas na iniisip natin sa tulad nila. May picture niya na nakataas ang kamao habang nasa rally, poster at placard na nanawagan ng reporma: sa palupa, karapatan, edukasyon, at kung anu-ano pa. Walang mag-aakalang may tinatago pala siyang lihim.

“Good morning po,” bati ko sa nag-iisang taong nasa opisina. Nakaupo sa siya sa harap ng desk; mukhang sekretarya.

“Pinapunta po ako dito ni Congressman.”

“Sorry, wala kasi siya ngayon, eh, may pinuntahang press conference. Wala rin siyang nabanggit na may pupunta dito kasi di naman araw ng consultation today.”

Nanlumo ako nang kaunti. Sayang pamasaha ko.

“Ay, tingnan ko, tatawagan ko siya.” Hinawakan niya

ang landline, sabay pindot.

Ring. Ring. Mga ilang minuto din bago may nakasagot. Hinayaan ko na lang silang mag-usap kahit na wala akong naiintindihan sa sinasabi nila.

“Kayo po ba si Gab Ignacio?” Tumungo na lang ako.

“May iniwan palang check sa ’yo para sa scholarship assistance? Tingnan ko lang, ah.”

Mga ilang minuto din niyang kinalikot ang mga cabinet hanggang sa natagpuan niya ang hinihintay ko.

“Pa-sign na lang dito. S’abi din niya, kung may kailangan ka, tumawag ka na lang daw o kaya pumunta dito sa office. May dagdag pa daw iyan.”

Pinasalamatan ko siya sabay labas sa opisina. Tiningnan ko ang tseke. *Totoo ba ito? Di nga?*

Nagdilang-anghel nga si Vernon. Makakabalik na ako sa wakas!

6 Ang Pagbabalik

“So, bakit mo gustong mag-Public Ad?”

Ito ang bungad sa akin ng guidance counselor na pinuntahan ko sa pagbalik sa school. Sa dami ng kailangang papeles na ipasa at papirmahan sa kung sino-sino, kung minsan, tinatamad na lang ako. Dagdag pa ito. Pero ganun talaga, para sa kinabukasan.

Isa sa mga naging problema ko ay di na ako makabalik sa dati kong course dahil sa di ako nagpaalam nang maayos. Sayang din 'yun. Hindi ko alam kung bakit sila biglang naghigpit dahil lang sa nagpalit ng dean. Kaya ang lokong si Vernon, sinabi sa akin na kunin ko na lang kung ano ang course niya bago siya nawala. Wala talaga akong idea kung ano 'yung sinasabi niya hanggang sa napadpad ako sa Guidance Office.

“I know that feeling. Marami na ring pumunta dito na gusto sa Public Ad dahil wala silang choice.”

Oo, nakakaasar nang kaunti na marinig iyon, dahil iyon naman ang totoo. Pero kahit paano, sinusubukan naman niya akong i-assure sa desisyon ko.

“Mabait ang mga tao doon, excellent ang mga prof, very nurturing talaga sila sa mga estudyante.”

Pero para makasiguro, pinakuha niya ako ng aptitude test para makapag-isip pa daw ako kung saan ako talaga nababagay. Pinabalik niya ako pagkatapos ng isang linggo.

Sa pagbalik ko sa opisina, ikinagulat ko 'yung resultang binigay niya sa akin.

“So, do you want to be a teacher?”

Ma'am naman, di ko kailanman naisip iyon.

“Oh. Mukhang bagay nga talaga sa iyo ang courses leading to Law.” Hindi ko rin gustong mag-Law pero... “Public Ad, luckily, is a great option.” Sa wakas, ibinigay na rin niya ang assessment na kailangan kong ipasa para makapagsimula na.

Doon na nagsimulang gumulong ang kapalaran ko. Pila sa registrar para sa student records, application forms, clearance para makalipat ng course, clearance ulit sa bago kong college. Di ko na alam kung ilang beses sumakit ang binti ko kakaikot sa kung anu-anong building para lang maipasa mga dokumentong kailangan nila.

Sa wakas, natapos rin.

“Pa-paste na lang ng 2x2 picture dito 'tapos, sagutan mo itong information sheet. Dalhin mo naman 'to pagdating sa enrollment.”

Buti na lang, tinanggap nila ako dito. Sa wakas, makakapagsimula ako ulit. Di ko alam ano'ng aasahan pero... bahala na. Ang mahalaga, makakapag-aral na ako ulit at di na mapipilitang magtrabaho doon sa spa. Di ko

na kailangang ilako sarili ko.



“Hi! I’m Chess, from the Student Government! Welcome to the college! Baka gusto mong sumali sa basketball club, debate group, dance club...”

Nagulat ako sa pakikitungo ng mga tao sa akin dito. Unang araw ng enrollment at kahit na wala akong kakilala, hindi ko na-feel na nag-iisa ako dito. Kusang ang mga tao ang nakikipag-usap sa akin na para bang sobrang excited sila sa pagpasok ko dito.

Sa nalaman ko sa kanila, marami sa mga estudyante dito ay galing sa ibang colleges. Kung sa mga terms ng taga-labas, *irreg* kaming lahat. Iba-iba kami ng kwento at pinagdaanan bago kami napadpad dito, pero iisa lang ang hiling: baka sa Public Ad, magbago ang takbo ng buhay namin.

“Ano pala’ng name mo?” Sa sobrang excitement ng babae, muntik pa niyang makalimutang itanong iyon.

“Gab Ignacio.”

“Hi, Gab! Shiftee ka, ano? From what course?”

“Comp Sci. Pero LOA ako dati, nag-work kasi ako.”

“Ganun ba? Don’t worry, lahat kami dito ganun din dati. Hindi ka nag-iisa. Basta if you need help, tanungin mo lang kami. Okay?”

“Sure.” Nahiya naman ako; nag-sign up na lang ako sa basketball team bilang pakonswelo sa kanya.

Sa tagal ng pag-upo sa lobby at paghihintay na mabigyan ng subjects na kailangan ko, sa wakas, natapos din. Buti na lang na-credit lahat ng subjects ko noon, kaya di ako made-delay nang matagal. Buti na lang din at mabait ang adviser ko at nabigyan ako ng payo sa dapat kong gawin. Second Year standing pa rin ako kahit na beinte años na ako. Hindi naman ata halata sa itsura.

Tiningnan ko ang registration form ko.

Introduction to Public Administration

Management of Organizations

Personnel Management

Public Policy

Local and Regional Government

Ano 'to? Hindi naman sinabi ni Vernon sa akin na tatadtarin ako dito ng kung anu-anong subjects tungkol sa gobyerno. Ewan ko sa kanya.

Mabuti na lang at nakuha ko na 'yung perang galing kay Boss dati. Kasya na rin iyong pambayad sa tuition habang naghihintay ng tuition bracket, at allowance para sa susunod na mga buwan. Pero sa totoo lang, ayokong umasa sa kanya. Ayokong magkaroon ng utang na loob sa kung sino, pero ano pa nga ba'ng magagawa ko?

Ang mas iniisip ko ay ang panggastos sa bahay lalo na't mag-aaral na ako ulit. Kung aasa lang ako sa mga kamag-anak, ewan ko na lang. At least may mag-aalaga kay Lola kapag wala ako. Pero 'yung sa mga pang-araw-araw na

pangangailangan, imposible dahil may kanya-kanya na rin naman na silang buhay. Masuwerte na nga lang kami na pinatira nila kami sa compound.

Natawag na rin ang number ko sa wakas. Inabot ko ang pera sa counter. Isipin mo, state university ito pero mga five digits ang kailangan naming bayaran kada semester. Pero habang wala pa akong bracket o kaya scholarship, wala akong magagawa. *Tiis lang.*

Ako na lang ata ang natira sa registrar kaya nagmadali na akong umuwi, gabi na rin kasi. Dire-diretso lang ako sa paglalakad nang may nakasalubong ako—estudyante siguro, kasing-edad ko rin. Matangkad, gwapo, at sa itsura't pananamit, alam mong mayaman.

Perohindikomawarikungbakitkaminagkakatinginan. Parang may gustong sabihin sa akin 'yung mga mata niya. Ang sama ko naman na iniisipan ko siya ng motibo.

Tiningnan ko siya pabalik. Ngumiti siya. Ngumiti rin ako sa kanya pabalik. Sabay na nagkahiwalay ulit ang aming landas.

Ang weird lang.

7 First Day

“Is this PA 11 WFV?”

Biglang natahimik ang lahat nang dumating ang magiging professor namin. Ako naman, nakaupo lang sa isang sulok dahil wala akong makausap. Wala nga akong katabi, eh. Ganun lang siguro talaga dahil first day ko ngayon.

“Good morning, class... I’m Prof. Myrna Baylon.” Sabay sulat ng kanyang pangalan sa whiteboard. “I’ll be your instructor for PA 11: Introduction to Public Administration. Actually, kababalik ko lang from my doctoral studies in the UK so... hindi ako masyadong prepared. Please bear with me for now, okay? I’m not expecting na ang dami n’yo pala.”

Maninibago nga talaga ako sa bago kong course. Actually, sinabi na sa akin ni Vernon lahat ng kailangan kong asahan. Madami daw kailangang pag-aralan, at di ka makaka-survive nang di nagbabasa ng mga readings para sa mga lecture. Asahan ko na rin daw na magsulat ng sangkatutak na papers at gumawa ng field work sa mga government agencies para sa group projects. Magiging boring daw sa simula, pero sinabi niyang masasanay din

daw ako.

Iba ito sa buhay ko dati sa CompSci na puro programming at codes ang ginagawa. Compared sa college ko noon, mas simple ang buhay dito. Tahimik, saka mas kaunti ang estudyante. Di katulad sa CompSci na may *Macs*, dito matututo kang hanapin ang mga kailangan mong libro manually. Saka mukhang down-to-earth naman mga estudyante—simple lang sila, di katulad ng mga science geeks at rich kids na kaklase ko dati.

“Please get a copy of the syllabus. Nandiyan lahat ng details ng mga pag-aaralan natin for the sem. I will explain that later. And would you mind finding a partner? We’ll have a getting to know session.”

Ang problema ko, wala akong katabi. Wala akong maka-partner.

Sabay namang may dumating na mukhang magiging kaklase din namin. Teka, wait lang... sabi ko na nga ba, eh!

“Sorry, Ma’am... I’m late,” sabi niya, halatang napagod siya sa pagmamadali. Nasa third floor pa naman ang classroom namin.

“Next time, be mindful of your schedule, okay?” First day na first day, sinungitan tuloy siya. “Sige, please get a copy of the syllabus over here... and, lahat ba nakapag-group na?”

“Ako po, wala pa,” sabi ko.

“Uhm, would you like to group with...”

“Arino po.”

“Okay, you group with Mr..”

“Ignacio po.”

“Okay guys, let’s start. Nasa board ’yung mga kailangan n’yong itanong about your partner. Feel free to talk about yourselves—magiging classmates n’yo sila throughout the sem so, you have to be close with them.”

Sa simula, nagkakahiyaan pa ang mga tao dahil sa activity. Parang kami lang ng katabi ko ngayon. Nahalata niya siguro na ako ’yung katitigan at kangitian niya nung isang araw. *Awkward moment.*

“I think nakita na kita dati?” bungad ko sa kanya, pinipilit na alalahanin ang mukha niya. “Ay, oo! Ikaw ’yung nakita ko sa registrar nung enrollment.”

Nag-agree naman siya. “Natandaan mo pa pala!” Natawa siya nang kaunti. “Akalain mo iyon, magiging classmates pa tayo dito. Small world.”

“Public Ad ka rin pala?”

“Oo, pero shiftee din ako dati. From PolSci. Ikaw?”

“CompSci ako dati kaso nag-LOA ako. Nag-work kasi ako. Teka, ano’ng name mo pala?” tanong ko sabay kuha ng papel at ballpen mula sa bag ko.

Julian Paolo Arino. Akalain mo, halos parehas pala kami ng edad? Shiftee din dito sa Public Ad. Matangkad na buff, kamag-anak siguro niya si Nora Aunor dahil pareho silang may nunal. Siya ’yung tipong prepped up,

maayos pumorma. Feeling ko mayaman 'to.

“Five minutes to go, guys, then we'll start with the introductions, okay?”

Nagmadali na kaming magpakilala sa isa't isa. Pero siyempre, hindi ko inamin kung ano ang nakaraan ko sa kanya. Palusot ko na lang na call center agent ako dati. Sa ibang bagay naman eh naging totoo naman ako—na kay Lola ako nakatira at mga pinsan ko katropa ko. Siya naman eh galing sa isang Catholic school na kalaban namin dati at active siya sa student council.

Sa puntong iyon eh mukhang nakapalagayang-loob ko na siya. Mukhang marami naman kaming similarities. Magaan ang loob ko sa kanya kahit na parang nawiwirduhan ako sa kanya dati.

Mukhang si Jules na ang magiging buddy ko sa buong stay ko sa college. Sana.



Breaktime ko noon kaya naisipan kong tumambay sa canteen. Ako lang ata ang walang klase kapag ganitong oras kaya wala akong napapansing mga tao. Di pa naman ako gutom kaya naisip kong magbasa na lang ng readings para sa next subject.

Sabay dating naman ni Jules na nakaporma na naman gaya ng lagi niyang ginagawa. Polo, tie, jeans at pants; di mo malaman kung nag-aaral 'to o nagtatrabaho na eh. Kumaway siya nang makita niya akong mag-isa sa mesa.

“Oh, di ka pa kakain?” bungad niya sa akin. “Mukhang sineseryoso mo iyang mga readings ah.”

“Hindi ko kasi alam ano’ng lalabas sa quiz, eh. Wala kasi akong ma-gets. Alam mo ba ’to?” Pinakita ko sa kanya ang mga hawak ko.

“Hmm...” Napaisip siya kunwari. “Ang dali lang nito, eh. *Politics - administration dichotomy*: ’yung concept na dapat istriktong pinapatupad ng bureaucracy kung ano mang law ’yung ginagawa ng state actors... legislature, for one.”

Bureaucracy? State actors? Wala pa rin akong na-gets. Si Jules naman, halata sa kanya na madami na siyang alam sa mga topic namin sa klase. Ang mas astig pa nito, paano niya napagsasabay ’yung pag-aaral niya sa involvement niya sa kung ano-ano.

“Kumain ka na?”

“Busog na ako. Kumain na kasi ako dun sa press conference na pinuntahan namin kanina. Ikaw?”

Okay pa nama’ng tiyan ko.

“Wait lang... may org ka na ba?”

“Org? Meron ako dati kaso binitawan ko na.”

“Baka gusto mong sumali sa amin!” Para bang excited na excited siya sa sinabi niyang iyon.

Ako naman napakirat lang ng mata, napaisip bigla. “Pwede, kaso baka di ko maasikaso iyan, eh. Balak ko kasi sanang maghanap ng part-time.”

“Masaya kaya sa amin! Sayang din iyon, ano. Saka ’wag mong isipin iyon—gabi naman lagi mga GA kung meron. Madalas nga tambay lang ang ginagawa namin, eh. Ayaw mo n’un, para marami kang makilala dito sa college.”

At mukhang magsisimula ko na ngang makilala ang ilan sa kanila.

“Huy, Jules! Kanina ka pa namin hinahanap, eh... nasaan na ’yung cover letters para sa organizing committee?”

“Saka ’yung reaction mo daw dun sa bagong house bill...”

Pakilala ko sila sa inyo:

* Si Zack ang resident nerd ng klase. Wala nang dadaig pa sa kanya sa pag-uno sa mga quizzes at exams namin. Pero di mo naman mahahalata iyon sa kanya dahil sa kakengkoyan niya.

* Si Timi naman ang parang girl version ni Jules. Lagi siyang naka-smart casual at soft-spoken kung magsalita. Ang alam ko, may boyfriend siyang nasa Law school.

* Si Imman naman ang simple guy ng barkada. Hindi siya masyadong active sa extra-curriculars, pero sa narinig ko, magaling siyang kumanta. Graduating na siya next year.

* Si Angel naman ang resident probinsyana—simple at medyo painosente ang look. Pero madalas, siya ang source ng mga tsismis at jokes sa college, kahit na minsan

corny.

* Si Kat ay... uhm... medyo isip-bata. Maganda, cute, at di suplada. Kung di siya naglalaro as varsity sa badminton, inuubos niya ang oras niya sa mga K-Pop groups na kinaadikan niya. Laging good vibes kapag nakikita ko siya.

Kasama si Jules, sila ang mga nakakasama ko sa araw-araw na buhay sa college. Madalas na magkakatabi kami sa mga klase, o kaya kasama ko kapag lunch, group activities, o simpleng tambay lang. Kahit papaano, di na ako loner simula noong nakasama ko sila.